West Duwamish Imbakan ng Tubig-ulan

King County Wastewater Treatment

Inaasahang magsisimula ang konstruksyon ng imbakan na tanke sa tagsibol ng 2026

Naghahanda na ang Dibisyon ng Pasilidad ng Paglilinis ng Tubig (Wastewater Treatment Division) ng King County na magpatayo ng imbakan na tanke sa ilalim ng lupa sa South Park. Ang bagong pasilidad na ito ay makakatulong sa pagtigil ng polusyon sa Duwamish River. Magsisilbi itong imbakan ng tubig ulan at maruming tubig tuwing may malakas na ulan.

Inaasahan naming magsisimula ang konstruksyon ng maaga sa tagsibol ng 2026. Magpatuloy sa pagbasa para sa dagdag kaalaman tungkol sa proyektong ito at kung ano ang aasahan!



Timeline ng proyekto ng Imbakan ng Tubig Ulan ng West Duwamish.

Protektahan ang pampublikong kalusugan at kalikasan

Ang layunin namin ay mapabuti ang kalidad ng tubig sa Duwamish River at Puget Sound. Ang isang mahalagang parte ng gawaing ito ay ang pagpapababa ng pinagsama-samang pag-apaw ng imburnal (combined sewer overflows, CSOs). Nangyayari ang CSO kapag masyadong maraming tubig ang pumapasok sa mga tubo sa ilalim ng lupa tuwing may malakas na ulan. Ang mga tubo na daluyan ng labasan ay naglalabas ng labis na tubig papunta sa mga ilog, lawa, at Puget Sound. Ang makalumang sistemang ito ay dinesenyo para maiwasan ang maruming tubig na bumalik sa mga pamamahay at mga kalsada. Ayon sa mga batas ng pederal at estado, obligado ang King County na bawasan ang CSOs.

Ang proyektong ito ay makakabawas ng CSO galing sa dalawang tubo na daluyan palabas sa Duwamish River. Gagamitin lamang ang mga imbakan na tanke kapag may mga ulan. Kung gagamitin ito, maaari itong mag-imbak ng hanggang 1.25 milyong galon ng tubig ulan at maruming tubig. Ang tubig galing sa imbakan na tanke ay dadaloy papunta ng Pasilidad ng Paglilinis ng Tubig ng West Point (West Point Treatment Plant) para maging malinis. Makakasuporta ito sa kalusugan ng Duwamish River para sa mga tao at mga hayop sa kagubatan.

Nagsisimula ng maapektohan ang ating rehiyon sa pagbabago ng klima. Mas humigit ang lakas ng mga ulan at mas madalas na itong nangyayari. Ang proyektong ito ay makakatulong sa paghanda ng ating sistema para sa mas malaki at mas madalas na mga bagyo.

Nagtatayo ang King County ng bagong pasilidad para sa tubig sa South Park. Magkakaroon ng bagong imbakan na tanke malapit sa interseksyon ng Highland Park Way Southwest at Second Avenue Southwest.

Ano ang aasahan habang may konstruksyon

Maaaring makakadistorbo ang konstruksyon. Magbabahagi kami ng mga impormasyon kung ano ang inyong maaasahan sa bawat hakbang na gagawin. Magbibigay ng abiso para sa trabahong gagawin sa gabi, sa katapusan ng linggo, o kung may bagong epekto sa daloy ng trapiko.

Ito ang maaari ninyong aasahan habang may konstruksyon:

- Ingay at mga yanig
- Pagpasok at paglabas ng malalaking mga trak at kagamitan sa lugar ng proyekto
- Maaapektohan ang mga daanang ito dahil sa trapiko
    - Second Avenue Southwest
    - Southwest Michigan Street
- Panandaliang mga epekto sa trapiko sa mga daanang ito:
    - Highland Park Way Southwest
    - West Marginal Way Southwest
- Mga tauhang namamahala sa mga sasakyan at bisekleta sa paligid ng lugar na pinagtatrabahuan
- Pagsasara ng mga bangketa na may alternatibong daanan
- Mananatili ang mga daanan para sa mga taong nagbibisekleta, naglalakad, at gumagamit ng aparatong may gulong
- Pagsasagawa ng mga gawain sa araw ng pasok sa pinahihintulutang oras ng trabaho

Lumilikha ng magandang mga trabaho

Ang mga malalaking proyektong tulad nito ay nangangailangan ng malakas at magkakaibang manggagawa! Nakikipagtulungan kami sa Villa Comunitaria upang itaguyod ang mga programa ng trabaho sa King County. Ang Villa Comunitaria ay isang grupo sa South Park na sumusuporta sa pagbubuo ng komunidad. Sama-sama, inuugnay natin ang aming mga pamilya at mag-aaral sa mga internship at mga programa sa pagsasanay sa trabaho.

Nakikipagtulungan din kami sa isang engineering firm, sa HDR, at isang kontratista, Ceccanti, para mapatayo ang proyektong ito.

Alamin pa kung paano sinusuportahan ng King County ang mga lokal na mga trabaho at maliliit na mga negosyo.

Kasama ninyo kami sa bawat hakbang ng proseso

Nais naming panatilihin kayong may sapat na impormasyon! Magbibigay kami ng mga regular na mga balita habang ginagawa ang proyekto sa mga paraang ito:

- Mga pagpupulong sa komunidad at grupo ng kapitbahayan
- Mga paalala sa konstruksyon na direktang ipapadala sa mga kalapit na mga residente
- Mga listahan ng email para sa mga balita
- Pagpapadala ng mga newsletter para sa mahalagang pangyayari
- Pagdalo ng mga miyembro ng koponan ng proyekto sa mga pagdiriwang at piyesta sa komunidad
- Mga balita
- Mga update sa social media
- Mga panandaliang karatula ng impormasyon sa lugar ng proyekto
- Mga update sa webpage

Maging handa! Mag-sign up para sa mga update sa email

Bisitahin ang tinyurl.com/KCsubscriptions upang mag-sign up para sa aming listahan ng email. Ito ang pinakamahusay na paraan upang manatiling napapanahon habang patungo tayo sa pagtatayo.

May mga tanong?

May tanong ba kayo o may gusto kayong ireport habang may konstruksyon? **Tumawag sa hotline ng konstruksyon sa 206-494-0033.** Maaari din kayong mag-email sa amin sa WestDuwamishProject@kingcounty.gov.

Bisitahin ang website ng proyekto para sa karagdagang impormasyon

May libreng serbisyo sa pang-interpretasyon at pagsasalin para sa inyo. Kung kailangan mo ang mga ito, mangyaring tumawag sa 206-494-0033 o mag-email sa westduwamishproject@kingcounty.gov

Maaaring Magamit na Alternatibong mga Format: 206-477-5371 o TTY Relay: 711